## ANO ANG SEKSWAL NA PAG-ATAKE?

Ang sekswal na pag-atake ay ang anumang uri pakikipagtalik o pag-uugali na nangyayari nang walang tahasang pahintulot ng biktima. Maaari ring kabilang rito ang stalking, sekswal na panliligalig, at human trafficking.

## ALAM MO BA...

- 1 sa 4 na kababaihan at 1 sa 6 na kalalakihan ang nagiging biktima ng sekswal na pag-atake bago ang edad na 18. Ang kalahati sa mga kliyente ng pagpapayo sa sekswal na pag-atake ng YWCA Kaua'i ay wala pang 18 taong gulang.
- Maaaring kabilang sa sekswal na pag-atake ang pagpapakita, paghawak — sa ibabaw o sa ilalim ng damit — at/o penitrasyon.
- Ang karamihan sa mga sekswal na pag-atake ay hindi naiuulat sa pulisya.
- Mahigit 80% ng mga biktima ang nakakaalam ng may sala sa kanila.
- Ang mga biktima ay may karapatang tumanggap ng medikal na forensic na eksamen (kilala rin bilang eksamin ng nars sa pag-atakeng sekswal) nang hindi gumagawa ng ulat sa pulisya.




**YWCA Sentro ng Tanggapan para sa Kababaihan**
4410 Hardy St. Līhu'e, HI 96766

**Opisina ng Admin ng YWCA**
3094 Elua St. Līhu'e, HI 96766

**(808) 245-5959** Opisina


# YWCA AY NASA ISANG MISYON

Ang YWCA Kaua'i ay nakatuon sa pag-aalis ng rasismo, pagbibigay ng kapangyarihan sa kababaihan, at pagtataguyod ng kapayapaan, katarungan, kalayaan, at dignidad para sa lahat.

YWCAKAUAI.ORG





### Libre at Kumpidensyal

# MGA SERBISYO NG SEKSWAL NA PAG-ATAKE

*Naglilingkod ang Kaua'i mula noong 1921*

## 24 ORAS NG HOTLINE:

**TAWAGAN: (808) 245-6362**

# Libre at Kumpidensyal na Mga Serbisyo na Suporta sa Sekswal na Pag-atake

## AGARANG SUPORTA

### 24 ORAS NA TULONG AY NARITO PARA SA IYO

Ang ating 24/7 na kumpidensyal na helpline, (808) 245-6362 ay sinusuportahan ng mga dalubhasang sinanay na kawani na maaaring tumulong sa pag-uulat, mga kahilingan para sa mga serbisyo ng YWCA, pag-access sa mga medikal na forensic na pagsusulit (kilala rin bilang mga "eksamin ng nars sa pag-atakeng sekswa"), mga pangkalahatang tanong, at mga referral na nauugnay sa sekswal na pag-atake. Available ang mga Crisis Intervention Specialist ng 24/7 para sa harapang interbensyon, adbokasiya, at pagpapayo.

### MGA SERBISYO SA WEB CHAT AT SUPORTA SA TEXT

Ang pagtawag sa pamamagitan ng telepono sa isang linya ng suporta ay hindi laging posible. Para sa karamihan, ang isang online na chat ay maaaring maging mas komportable kaysa sa isang tawag sa telepono o pakikipagpulong sa isang tagapagtaguyod nang personal. Pumunta sa ywcakauai.org/chat o magtext sa (808) 245-6362.

Magagamit araw-araw
9 am - 10 pm

## IBA PANG MGA SERBISYO

### ADBOKASIYA NG BIKTIMA AT PAMILYA

Ang YWCA Kaua'i's Sexual Assault Services ay nag-aalok ng medikal at legal na tulong para sa mga biktima ng sekswal na pag-atake at kanilang mga pamilya. Kasama sa mga serbisyo ng tulong ang harapang pagpapayo at suporta sa krisis bago, habang, at pagkatapos ng mga medikal na forensic na eksamen, legal na konsultasyon, at pagharap sa korte. Nagbibigay rin ang YWCA ng pagpapayo at tulong sa pagkuha ng mga pansamantalang kautusan ng pagpigil.

Ang pag-uulat ng pulisya ay hindi kinakailangan para sa mga serbisyo o para makatanggap ng isang forensic na medikal na eksamen (kilala rin bilang isang eksamen ng nars sa pag-atakeng sekswal).

### PAG-AARAL SA PAG-IWAS

Nag-aalok ang YWCA Kaua'i ng Sexual Assault Prevention Education (Pag-aaral sa Pag-iwas sa Sekswal na Pag-atake) sa lahat ng paaralan at mga tagapagbigay ng serbisyo. Ang paghahatid ng kurikulum na ito na nakabatay sa ebidensya ay inaalok nang walang bayad upang lumikha ng mas ligtas na mga lugar, mabawasan ang bahid, at maiwasan ang sekswal na karahasan.

Ang pagtuturo na naaangkop ayun sa edad ay inaalok sa mga mag-aaral mula sa preskul hanggang ika-12 na baitang. Available din ang pagsasanay para sa mga negosyo, ahensya, at grupo tungkol sa mga pabago-bagong sekswal na pag-atake.

### MGA SERBISYO NG PAGPAPAYO

Ang trauma na dulot ng sekswal na karahasan ay maaaring magkaroon ng pangmatagalang epekto sa mga indibidwal at pamilya. Gumagamit ang ating mataas na kwalipikadong kawani ng kasanayang nakabatay sa ebidensya upang matulungan ang mga nakaligtas na makabuo ng mga kasanayang kinakailangan upang pagalingin at mapanatili ang malusog na relasyon.

### MGA SERBISYO SA KARAHASAN SA TAHANAN

Nag-aalok ang YWCA Kaua'i ng komprehensibong Mga Serbisyo sa Domestikong Karahasan, na kinabibilangan ng mga serbisyong interbensyon sa krisis, isang kanlugan ng karahasan sa pamilya, pagpapayo, mga serbisyo para sa mga bata, tulong sa pabahay, at isang programa sa Alternatives to Violence para sa mga nagkasala.



## YWCA AY NARITO PARA SA IYO

Ang mga serbisyo ng YWCA Kaua'i ay available sa mga nakaligtas sa lahat ng edad, kasarian, at oryentasyong sekswal.

Ang ating mga pasilidad ay sumusunod sa ADA at ang mga serbisyo ng tagapagsalin ay available nang walang bayad.

### MAARING MANGYARI SA KAHIT SINO ANG SEKSWAL NA PAG-ATAKE

81% ng mga kababaihan at 43% ng mga kalalakihan ang nag-uulat na nakakaranas ng ilang uri ng sekswal na panliligalig at/o sekswal na pag-atake sa kanilang buhay. Ang mga LGBTQ+ ay halos apat na beses na mas malamang na maging biktima ng mga marahas na krimen kaysa sa mga hindi LGBTQ+, kabilang ang panggagahasa at sekswal na pag-atake.

### Karagdagdang Mga Mapagkukunan

*1in6 (Support for men)* - 1in6.org

*Love is Respect* - loveisrespect.org

*Joyful Heart Foundation* - joyfulheart.org

*LGBT National Help Center* - glbthotline.org

*National Sexual Violence Resource Center* - NSVRC.org

*Futures Without Violence* - futureswithoutviolence.org

*RAINN (Rape, Abuse & Incest National Network)* - rainn.org